

Governor's Message (Mayo 5, Extract)
Para sa Lahat ng Residente ng Gifu
~Ukol sa Extension ng State of Emergency~

Ang ipinahayag ng gobyerno na State of Emergency ay pinalawig/ pinahaba hanggang Mayo 31. Ang Gifu Prefecture ay nananatiling "Special Alert Prefecture" na nangangailangan ng partikular na tuon ng pagsisikap upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.

Nais kong samantalahin ang pagkakataong ito upang pasalamatan ang mga mamamayan ng prepektura sa inyong kooperasyon at pag-unawa, at ang mga medical staff para sa inyong dedikasyon sa trabaho umaga at gabi.

Para sa mga mamamayan ng prepektura, tulad ng dati

- Iwasan ang paglabas maliban kung kinakailangan
- Panatilihin ang 2 meters na distansya sa ibang tao
- Mangyaring magsuot ng mask at maghugas ng mga kamay ng maigi

Sa hinaharap, ang mga desisyon sa pagluwag ng State of Emergency ay ibabatay sa estado ng mga impeksyon at serbisyong medical sa loob ng prepektura, at sitwasyon ng impeksyon sa mga karatig na prepektura. Sa Gifu Prefecture, pinag-iisipan ang susunod na hakbang/ plano sa pagsulong. Ang target na panahon upang isagawa ang mga planong ito ay sa gitna ng Mayo kung kailan maa-observehan ang resulta ng mga ginawang pagsisikap noong Golden Week na "Mahabang Bakasyon sa Bahay". Gayunpaman, kinakailangan makontrolado ang impeksyon muna bago maisagawa ang mga planong ito. Ang kooperasyon ng bawat isa ang pinaka importante sa pagpapabuti ng estado ng impeksyon sa Gifu Prefecture at maiwasan ang pagtaas ng bilang ng impeksyon.

Sa ilang panig ng Japan, may mga pagkakataon kung saan ang mga countermeasure ay lumilitaw na naging matagumpay, kasunod ng bagong pagtaas ng mga impeksyon. Kaya't kapag nagluwag sa pag-iingat, lahat ng mga pinaghirapan natin ay mauwi sa wala.

Sa "pagpapanatili ng naaangkop na level ng pag-iingat at kalmadong paggawa ng hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon", mapapanatili nating ligtas ang ating sarili at mga mahal sa buhay. Sa kritikal na panahong ito, hinihiling ko muli ang inyong patuloy na pakikipagtulungan habang ang lahat ng Gifu ay nagtutulungan upang isagawa ang mga kinakailangang countermeasures.